# Ang Corporealidad nina Concha at Castor

**Tilde Acuña**

## ANG PANGAKO

"BEET! BEET!" BUSINA ng traysikel kinagabihan sa tansong gate ng bahay sa Kabihasnan. Sakto lang ang laki ng bahay. Sapat para makapaglaro ang batang si Concha at ang dagang costang si Castor.

"Andiyan na si Nanay at ang rasyon ng tubig," bulong ng babaeng pitong taong gulang sa daga. Natigilan si Castor. Pinapasok ang alaga sa tahanan nitong lata ng Maling. Pinihit ni Concha ang kable sa munting gasul na nakasukbit sa likod niya. Hinigpitan ang pagkakatali ng gas mask at ng pony tail. Angkop na ang settings ng jumpsuit para sa polusyon sa labas. Handa na siya upang buksan ang pinto.

"Turug-tug-tug-tug-tug," angal ng nakahintong traysikel. "Turug-tug-tug-tug-tug."

Bumaba si Nanay. Lumapit siya sa gate at nag-doorbell, "Ding!" Tumingkad lalo ang mantsang kulay-kalawang sa guwantes niya. Makalipas maghintay nang ilang minuto, pinagbuksan na siya ng anak. Walang imik ang bata.

Binuhat ng drayber ang bariles ng tubig na minsan lang dumarating kada linggo. Binayaran ni Nanay ang drayber ng isang supot ng mamahaling pako at turnilyo, at ilang piraso ng perang papel. Sa taong 2117, ang mga may-kayang pamilya lang (tulad ng kay Concha) ang nakabibili ng tubig. Pero mahal na ito para sa kanila kaya kailangang tipirin, habang napapanatili ang pagiging malinis—at nakakatipid din sa



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 166 12/8/2017 5:44:45 PM

gastos sa gamot at sa ospital. Tulad ng pagkaing dapat ubusin upang hindi masayang (at marami pa ring gutom, mga hindi nakakakain sa mundo at panahong ito), naging gawi ng mga may-kayang pamilya ang paggamit ng tubig habang mayroon pa silang pambili nito (dahil marami pa ring dugyot, mga hindi nakakaligo sa mundo at panahong ito).

"Inaantok na ako, 'Nay," wika ni Concha. "Eh madudumihan din naman ako kahit maligo nang maligo," minsan, ganito ang palusot niya.

"O siya, 'nak, kumain ka na lang muna bago magpahinga," ngiti ni Nanay. Hinagod niya ang maalikabok na buhok ni Concha. Tumango at ngumiti sa isa't isa ang mag-ina. Inabot ni Nanay ang isang supot ng kabute, na parang maliliit na turnilyo kung titingnan sa malayo. Naglakad si Concha, bitbit niya si Castor sa mumunti nilang kuwarto. Nagsalo sila sa kabute.

Kalagitnaan ng gabi, wala pa ang araw (may mga gabing may araw), kumurap-kurap si Concha. Hindi rin niya makita ang buwan mula sa kinahihigaan. "Si Castor? Nasaan si Castor?" bulong ng bata sa sarili. Nang lumabas siya sa pintuan, nawawala rin si Nanay, nawawala rin ang dala niyang mga pagkain, at ang bariles ng tubig. Hindi mawari ng bata ang mga kulay. Hindi niya alam ang tawag sa mga ito. Pinagpapawisan si Concha sa pinaghalong kaba at tuwa.

May kumalabit sa kaniya, "Concha!" Sa pagkakayuko ng bata, tumambad ang pamilyar na tiyan, pero mas lumaki nang ilang ulit. Tumingala siya dahil hanggang balikat na lang siya ni Castor! Humukot nang kaunti si Castor upang maging magkasing-tangkad na sila ng kaibigang bata. "Ito ang bahagi ng loob mo, 'tol!"

Nanlaki ang mata ni Concha. "Todits na tayo sa bandang kamay mo," pagpapatuloy ni Castor upang maengganyo ang batang naninibago sa kaligiran at nagdududa sa kinalalagyan.

"Paanong . . . ? Ikaw ba? Pero? Uwi na tayo, Castor, please," mangiyak-ngiyak na wika ni Concha.

Magkatulad ang suot na mga gas mask ng magkaibigang tao at hayop (klaro sa bahaging mata) kaya nakita rin ng bata ang ngiti ni Castor. "Relaks, ako'ng bahala," pampalubag-loob ng daga.

Nagsimula silang maglakad. Nag-iiba ang kulay ng bawat tipak ng sahig na tinatapakan nila. Binigyan ni Castor si Concha ng salaming maikakabit sa maskara nila. Binasa ni Concha ang maliit na nakasulat, "Ni-gat-vi-si-yon-gowg-lessss."

"Nayt vishan gagels (Night vision goggles), 'tol," pagwawasto ng daga. "Naririto tayo ngayon sa iyong hintuturo. Nasa kuko pa lang tayo. Isuot mo iyan, at may makikita kang masasamang elemento." Masunurin si Concha. Nabigla siya sa mga nakita gamit ang goggles.



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 167 12/8/2017 5:44:45 PM

Inilarawan niya kay Castor ang mga nakikita niya, "Ano itong may malaking bibig? Yung ngipin ay puti at, ano bang tawag sa kulay na ito? Kumakaway siya sa akin."

"Huwag mo nang pansinin. Hindi mababait iyan, Concha. Hayaan mo lang sila. Huwag mong ngitian. At karamihan sa mga nilalang sa teritoryong ito ay walang gagawing mabuti," wika ni Castor.

"Hindi naman, grabe ka naman," wika ng isang tinig sa panghuhusga ng daga.

Nang lumingon ang dalawa, kasasangga lamang ng karakter na bagong dating sa isinumpit na dura ng masasamang mikrobyo. Iniligtas nito ang magkaibigan sa panganib. "Walang kupas, a," bati ni Castor, sabay apir (o high-five). "Ito nga pala si Bakti, Concha. Magtutulungan tayo upang mamayani ang mabubuting bacteria. Itong kamay mo ang eryang nakaatas sa kanila."

"Sa banda roon, sa kabilang lambak, naroroon ang kuta naming mga katutubong bacteria. Maaari ninyo kaming mapalakas at matulungan kapag naligo kayo," bulong ni Bakti. "Pero siyempre, mas masaya kung makakasama ninyo kami rito sa aktuwal na labanan."

Inilabas niya ang isang kuwintas na may palawit (pendant) na hugis patak ng tubig. "Nagliliwanag itong aming agimat, tuwing naliligo ka. Kaya hinihintay talaga namin ang katapusan ng linggo, at isa ito sa mga konsiderasyon namin sa pagpaplano ng mga pag-atake."

"Konsidera—, ano? Teka, ano bang powers ng mga masasamang mikrobyo?" tanong ni Concha.

"Marami," banta ni Bakti. "Depende, kung sino ang nakalalamang sa lakas at bilang. Maaari kang magkaroon ng isa o higit pang sakit, tulad ng pagtatae, sakit sa balat, tetano sa sugat, at iba pa. Dahil maaring higit sa isa ang maging pinakamalakas at pinakamarami. Sa pagbabalik mo, tsaka na natin pag-usapan ang mga detalye."

Lumingon-lingon si Bakti para tiyakin na walang makakarinig sa kaniya. "Basta tiyakin mong maliligo ka. 'Yun na muna ang aming hiling," bulong nito. "Pero mas mainam kung tubig lang. Wala namang problema kung gusto mong magsabon. Pero maging maingat dahil may mga 'peke.' Ito ang mga nagkukunwaring tumutulong sa mga katutubong bacteria." Ngumuso si Bakti, "Tulad ng mga mikrobyong malinis kunwari. Sakay 'yan ng botelyang 'hand sanitizer,' idinestino rito. Madalas, nakikialam ang mga iyan at nangunguna sa aming mga katutubong bacteria, pero sa pagsugpo nila sa masasamang mikrobyo, dinadamay nila ang mabubuti," dagdag ni Bakti.

Napatingin si Concha kay Castor. "Andami namang kailangang problemahin, Castor." Kumukurap-kurap ang mga mata ng bata sa pag-aalala.



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 168 12/8/2017 5:44:45 PM

Tumango ang alaga, "Tama, Concha. Kaya 'tol," diin ni Castor, "kailangan nating bumalik dito sa lalong madaling panahon."

Bumilis ang paghinga ni Concha, at halos maduwal. Sanay na siya sa dumi ng kanilang bakuran, pero hindi pa niya maunawaan kung paano nagkakasya ang ganito karaming nilalang sa bawat munting pulgada ng kanyang katawan. "Hintuturo pa lang ito?" nababahalang tanong ni Concha.

"Kaya dapat maligo. Kadalasan, nakakapagparami ng bilang ang mga germs na iyan sa loob ng isa hanggang dalawang linggo," pangaral ni Castor. "Sa tingin ko, mahalagang maging bahagi ka ng pakikipaglaban ng mabubuting bacteria para maunawaan mo ang halaga ng paliligo. Mas okay din kung mapamumunuan mo sila."

"E madudumihan din naman ako kahit makailang ligo ako, e," pangangatwiran ng bata. "At, talagang pinuno agad? May hindi tama sa ganoon, a."

"Hindi mo lang mapababagal ang pagdami ng masasamang mikrobyo tuwing naliligo ka. Mapipigilan mo pa ang pamamayagpag nila. O paghahari-harian. O pambu-bully sa mga kaibigan nating mga katutubong bacteria tulad nina Bakti at ng kaniyang grupo," sagot ni Castor. "Lahat tayo, pinuno," pahabol nito dahil hindi na niya masagot nang madali ang bata.

"Noong unang panahon, mas malakas ang grupo namin. Pero narito ka naman, kaya kampante kami. Hindi pa mahal ang tubig dati, kaya araw-araw naliligo ang mga lola ng lola ng lola ni Lola mo," dagdag ni Bakti.

Lumaki ang mga mata ni Castor sa tuwa, "Suwerte pa pala ako, 'no? Sila no'n, ligo nang ligo, kahit paulit-ulit silang nadudumihan."

"Maaari mo ring tingnan sa ganyang anggulo."

"Anggulo?"

"Hay, ang gulo mo," tinatamad na wika ng pagod na Castor. Nagkatinginan sina Castor at Bakti. Nagtawanan ang dalawa at nakitawa na lang si Concha. Nabanat ang mga mukha ng magkaibigang tao at daga at bacteria, at mahigpit ang pagkakapikit ng kanilang mga mata sa tuwa habang naglalakad patungo sa pinto. Nang maubos na ang halakhak, naaaninag na ni Concha ang kaniyang kuwarto. Mapungay ang mga mata niya. Sumilip siya sa bintana: magpapahinga na ang buwan. Bumalik na sa pagiging munting dagang costa si Castor, pero narinig ni Concha sa kaniyang isip ang paalala ng alaga: "Huwag kalimutan ang pangako natin, Concha."

Nagbalik na ang mga matatamlay na kulay ng kaniyang daigdig, pero hindi niya naman ito ikinalungkot. "Nakauwi na ako!" sigaw ng bata. "Sa ngayon," bulong nito sa sarili. Iginuhit niya sa talaarawan ang kaniyang malikmata (o vision) hanggang sumilay ang araw. Sumilip si Nanay. Ngumiti at agad na naghanda ng agahan.

Matapos kumain, nagkusa si Concha, "Maliligo na 'ko, 'Nay."



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 169 12/8/2017 5:44:45 PM

Napangiti si Nanay, habang nakadarama ng pag-asa sina Bakti sa kabilang ibayo. Naghahanda na sila sa ipinangakong ambag na lakas nina Concha at Castor sa kanilang pakikidigma.

## ANG PANAHON

Walang pasok si Concha. Wala pang inaanunsiyo ang kinauukulan hinggil sa kawalan ng pasok. Pero nagpasiyang huwag pumasok si Concha sang-ayon kay Nanay, lalo at masyadong maaliwalas sa labas. Alam ni Nanay na ang nagbabantang aliwalas ay nangangahulugan ng mga tahimik na kidlat. Nakasusugat ang kakatwang kidlat na ito kapag nakipagsanib-puwersa sa liwanag ng araw. Wala itong kaulayaw na kulog.

Nang sabihin ni Nanay na walang pasok, sabay turo sa alapaap, naunawaan na ito ni Concha. "Kaliwanagan. Katahimikan. Kapahamakan," bulong ni Nanay sa sarili.

"Alam mo na, ha, Castor," paalala ng bata sa alaga. At alam na nga ito ng dagang costa.

Lumingon-lingon muna si Concha. Nang matiyak na busy sa pagluluto si Nanay, pumuslit ang paslit sa kuwarto at hinanap ang espesyal na jacket. May katerno itong pantalon, pero hindi ito kailangan ni Concha, dahil sapat na upang maibalot ng jacket ni Nanay ang katawan ng bata. Iba-iba ang tela ng naturang jacket, maraming suson. Malambot ito sa loob, may cushion. Presko pa rin kahit medyo makapal na katad na kulay kalawanging bakal ang labas. Alam na alam ni Concha ang itsura nito, "Naririto lang 'yun, Castor. Alam ko, kalalaba lang nu'n noong nakaraang buwan. Mistulang ispeysut ng napanood ko noong mga cosmonaut."

Wala ito sa ilalim ng kama. Hindi kasama ng mahahalagang damit ni Nanay tulad ng aluminum tin gown na isinuot nito sa kasal nila ni Tatay ilang taon nang nakalipas, ang mid-grade school uniform ni Nanay na hindi pa kasya sa ngayon kay Concha, at ang puting damit ni Concha kung saan una niyang nakita si Castor nagsusumiksik noon sa isang bulsa. Nagtaka si Nanay noon at inakalang kung napaano na ang anak dahil may mga patak ng dugo ang damit nito. Isa. Dalawa. Tatlo. Apat na pulang mala-tubig na bilog na bilog na biglang kumurap. Mga mata pala ng dagang costa na ikinagulat rin ng sanggol pa noong si Concha.

"Sabi na, e," nagulat na naman si Concha dahil nakita ng nakapamaywang, pero nakangiti, na si Nanay. "Nandoon sa cabinet ang hinahanap mo. Pagkatapos kumain, tsaka mo na ihanda."

Mas espesyal ang agahan kapag walang pasok si Concha. Pag may masok, haven flakes at dalandan coffee ang kadalasang ibinabaon niya at kinakain habang patungo sa school. Hindi madalian ang paghahanda ni Nanay ngayong walang pasok, kaya mas napagaganda maging ang presentasyon. May millenium egg, tinfoil crackers,



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 170 12/8/2017 5:44:45 PM

fruit mixxx, vegan longganisa, at special sarp rice (sarplas na bigas). Sunud-sunod ang subo ni Concha habang nakangiting patingin-tingin sa labas. Ilang kidlat na ang nagdaan, tanda ng nalalapit na posibilidad na pag-ulan ng ice cubes.

"Mag-iingat, ha. Galingan sa pangungulekta." Tumango ang masayang si Concha. "Teka, bago natin makalimutan," wika ni Nanay tangan ang hiringgilya ng bitamina. Nag-alangan lumapit si Concha sa nakangising si Nanay, pero bumigay rin ang batang ayaw magpaturok. Kailangan niya nga namang hiramin ang espesyal nitong jacket. Ano ba naman ang shot ng bitaminang para rin sa ikabubuti niya? "Nasa cabinet, taas, hilahin mo na lang ang mga upuan, at ang patungan ng memory bin kung hindi mo pa rin maabot ang hanger, magaan ka naman, kaya kang suportahan nu'ng— (iginuhit ni Nanay sa hangin ang mga kahon nang hindi mahanap ang mga salita), basta't kaya mo 'yan." Kumislap ang langit at pumasok sa bintana ang tilamsik ng nanunuot na liwanag. Agad na kumaripas si Concha sa kuwarto at sinunod ang panuto ni Nanay. Pagkatapak ni Concha palabas sa kuwarto, siya namang pagpatak ng unang yelo. Muling tiniyak ng bata na angkop ang setting ng kasuotan, ang pressure ng gasul, ang higpit ng lapat ng guwantes at bota, bago lumabas.

Sinundan si Concha ng masugid na si Castor. Umiling ang bata pero nagpumilit ang daga kaya isinama niya ito matapos ihanda ang isang transparent na bola. Katulad ng kalidad ng suot niyang jaket ang materyal na bumabalot sa bola. Nagsisilbi itong proteksiyon at transportasyon ng kaibigang daga. Sa pagtakbo ni Castor habang nasa loob nito, umiikot ang bola at mga silindro, turnilyo, komplikadong mekanismo nito at aabante tungo sa direksiyong nais ni Castor. Hindi ito ang unang beses na mapapaloob siya rito kaya wala namang gaanong naging problema sa operasyon ng bolang behikulo.

Kasabay ng mga tahimik na kidlat ang anggi ng maiinit na yelo. Buo-buong pumatak ang mga ito mula sa langit, pero ilang oras lamang, matutunaw din ang mga ito. Magiging maligamgam itong tubig, pero hindi maaaring inumin dahil nakalalason daw, sabi mg matatanda. Dahil sa ganitong pananakot, may water-cure purifier solution si Nanay. Halos katumbas ng halaga ng solution ang kalahati ng tubig na malilinis diumano nito. Iisa ang mother company ng mga prangkisa ng nagrarasyon ng tubig at ng solution. Inaabangan ang ambon ng yelo para makatipid nang kaunti sa gastos sa tubig.

Hindi nag-iisa sa pangongolekta si Concha. Kinawayan niya rin ang iba niyang kaklase. Nabahala sa suot ng iba, lalo at tila maninipis ang tela. Hindi ininda ang pagkabahala, at agad nagmadali sa pangongolekta ng yelong isinisilid niya sa timbang bakal na de-gulong (nabibili ang ganito sa suking tindahan sa palengke dahil nauso ang ganitong pangongolekta ng yelo). Tumutulong si Castor sa paghahanap ng mas



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 171 12/8/2017 5:44:45 PM

malalaking tipak upang mas maging mabilis ang koleksiyon. Nang mapuno na ang isa, agad itong itinulak ni Concha tungo sa tarangkahan nila. Pagkahatid sa napunong timba, susunduin ni Concha ang mga bakanteng timba. Iniisip niyang nakaabang ang mga timbang nanghihina at sabik na ang mga ito sa mga yelong maya-maya'y lalamunin nila, matutunaw at papawi sa kanilang uhaw.

Naka-apat na timba si Concha bago magtanghali. May natirang mga ulam pa noong agahan. Nagdagdag na lang ng beast steak si Nanay. "Beast of burden," paliwanag o pagbibiro nito na hindi mabili ni Concha. Kalahating steak lang, hati lang ang mag-ina. May kamahalan dahil halos mapantayan talaga nito ang lasa ng tunay na baka. Special ang bakang tunay. Tuwing may okasyon lang kinakain. Kakaunti dahil madalang na lang daw ang baka, pero may nakitang warehouse na nag-iimbak ng mga bakang babad sa preservatives. Hindi ang beast steak ang inaasam ng dila ni Concha. "May natira pa po bang kabute kagabi, 'Nay?" walang pag-aatubiling inabot ni Nanay sa anak ang mga kabuteng turnilyong nagpapaluwag at nagpapahigpit ng kapit sa reyalidad.

## ANG PANGANGAHAS

Kumalma na ang panahon. Bumalik na sa dating natural na kulimlim ang kaligiran. Kung may aftershock ang mga lindol, mayroon din ang mga unos ng liwanag. Inanunsiyo na sa interweb na walang pasok. Tama ang hinala at pasiya ni Nanay, tulad ng dati, "Kundi naman opisyal ang kawalan ng klase, e ano naman. E di absent. Hindi naman nalapnos ng tahimik ngunit mabalasik na kidlat."

Itinabi ni Concha ang mga kabute. Sa pakiwari niya'y natuklasan na niya ang pormula para maglabas-masok sa daigdig ng mga kakatwang bida at kontrabida: ang mabubuti at masasamang bacteria. Ngayon naman, susubukan niya ang kabaligtaran: imbis na ngumuya ng kabute bago maligo, maliligo muna siya bago ngumuya ng kabute dahil sa alaalang mas napalalakas niya sina Bakti sa tuwing naliligo siya.

Isang dapat niyang pagpasiyahan ang paglalagay o hindi ng solution. Hawak na niya ang sachet nito, pero tulad ng tingang hindi matanggal sa pagitan ng mga ngipin matapos mananghalian, nadarama ni Concha na may mali sa sachet. "Tingin mo?" tanong niya kay Castor; naalala niya ang babala ni Bakti. Umiling ang dagang costa. "Kung kaunti lang kaya?" pahabol ni Concha. Yumuko si Castor. Gapatak lang ang inilagay ng bata sa isang timbang yelo. Hindi na niya tinanong si Nanay, dahil tiyak na ipipilit nitong magamit ang kalahati man lang ng sachet. "Sawa ka na ba sa buhay mo," naalala ni Concha na sambit ni Nanay nang minsang lumabas siya para mangolekta ng yelo nang hindi suot ang espesyal na jacket. Naiisip niyang ito



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 172 12/8/2017 5:44:45 PM

rin ang sasabihin ni Nanay kapag nalamang hindi nag-solution si Concha na tila nagpapatiwakal sa mga mapangahas na eksperimento.

Natigilan dahil sa pag-aalinlangan si Concha. Dadagdagan pa ba niya ang patak ng solution, o hayaan na. Huminga ang bata ng malalim. Nanindigan at nagpatuloy sa pagtuklas si Concha kung mapapahamak siya sakaling hindi gaanong malinis ang ipampapaligo. Hindi malinis sa pamantayang popular. Nakaramdam siya ng kaunting hapdi sa balat. Bukod sa hapding ito, wala naman nang naging epekto ang tinatayang maruming tubig. Kahit walang sabon, tubig lang. Naalala niya muli ang mungkahi ni Bakti. Nakiligo na rin si Castor sa di-kalinisang tubig.

Narinig ng bata si Nanay mula sa labas, "Aba, himala, naliligo ka na naman? Masyado na tayong maselan sa dumi, anak. Baka hindi na natin ma-afford ang luho mong paliligo." Nagpatuloy si Concha sa kaniyang paglilinis ng sarili. "Sabagay, deserving ka naman diyan dahil sa sipag mong mag-igib mula sa kalangitan. Hindi ka naman kumukonsumo nang lampas sa lingguhan nating rasyon." Hindi pinansin ni Concha si Nanay. Nakapokus ito sa ginhawang nararamdaman matapos ang hapdi. Naghilod siya gamit ang batong inabot ni Castor. May bonus na lupa at lumot ang panghilod.

Nang magbanlaw si Concha, pakiramdam niya ay bagong tao na siya at tunay nang nahugasan ng sinasabing maruming tubig ang nanlilimahid niyang katawang kakatwang hindi naman lumala ang panlilimahid. Dating gawi, o kabaligtaran nito, ngumuya sila ng ilang kabute bago mag-siesta.

Naalimpungatan si Concha sa kuwarto. Katabi na niya ang night vision goggles at alam na niya kung gagamitin na niya ito. Pagsilip niya sa labas, naroroon si Bakti. Nakaapir ang dalawa nang mamataan ni Concha si Castor na nakatalikod sa kaniya at nagsasabing "Tulad ng napagkasunduan!" Bumilog ang mata ni Bakti nang makita si Concha. Nasasabik ang mabuting lider-katutubong bacteria sa inaasam na tagumpay. Hindi mapag-iba ng bata ang boses ni Castor at Bakti dahil bago palang nagiging solido ang pundasyon ng kinakapitan niyang bagong reyalidad:

"Hindi inabot ng isanlinggo ha, halos beinte-kuwatro oras naririto na ang respondeng resbak." "Oo nga, e. Mabuti na lang. May mga bagong dating ding panget." "May resbak din ang mga mokong." Sinambit ang mga ito ng daga at bacteria sa pagitan ng mga matatamis na tawanan.

Sumenyas si Bakti nang may pananabik. Pinalalapit niya si Concha sa kanila.

"Gising na pala ang ating bida," pangangantiyaw ni Castor. "May ilang mga problema, pero sabagay, kailan ba nawalan, pero maaaring mas naging malala pa ang problemang ito kung inubos mo ang laman ng sachet at nagtiwala ka sa solution."



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 173 12/8/2017 5:44:45 PM

Tumango si Concha kay Bakti, senyas na simulan na ang pag-uulat ng kalagayan.

"Ganito ang tereyn at ang sitwasyon," panimula ng bacteria sabay turo sa inilatag na mapa. "Naririto na tayo sa lambak—'yung itinuro ko sa inyong lugar noong una ninyong pagbisita rito. Nasa bandang itaas nitong bundok ang iba pa nating kalat-kalat na kampo. Sa bandang patag, may mga lumanding kanina na medyo kamukha namin na medyo hindi. May mga pagkakataong katulad namin sila, meron ding halo, lalo halimbawa sa mga munting mikrobyong nagmumula sa mga bitamina, kadalasan, may mga kaaway at kaibigan diyan. Pero itong mga lumanding, tiyak, mga nagpapanggap na progresibo, agresibo naman. Verified sa network. Reaksiyonaryo mga yan." Lumapit si Bakti sa tainga ni Concha. "Mukhang may suliranin sila, pakinggan mo ito." Mahirap mawari kung ilan ang nag-uusap o sino ang nagsasabi ng alin, pero ito ang narinig ni Concha sa radyo:

*Bakit kakaunti tayo ngayon? Oo nga, kinulang ba sa pondo? Madalas, sampung ulit nitong bilang natin ang ipinapadala rito. Baka naipit lang sa sala-salabat na buhok o tisyu o anumang bahagi ng langit ang iba nating kasamahan. Hamo, darating din ang mga 'yun, dito na muna tayo. Hintayin lang natin, 'wag tayong padalos-dalos. Tayo ang magwawagi. 'Yung ibang sabon, sanitizer at iba pang produktong pangkalusugan nga, may mga bata tayo. Tama. Antayin ninyo, darating ang mga tropa. 'Yung ibang mikrobyong nagpoprotekta sa teritoryo nila, bumabaliktad din. May kakampi sa atin, sa kanila dati. Mahahawahan din natin ang iba, lalo ang mahihinang mikrobyo, o 'yung mga bata. Basta alalay at antabay lang. Babanat tayo. Tama. Babanat tayo kapag tiyak na tayong mananalo. Kundi ngayon, kailan? E di bukas. May bukas pa at may resbak pa tayo, 'yan ang natitiyak ko.*

"Mga ilang ulit na mas malakas ang mga 'yan, kung ginamit mo ang solution. Tuwing naliligo ka naman nang hindi galing sa tubig-yelo-ulan, may mangilan-ngilang nakasisingit. 'Yung nirarasyon na tubig, mas kaunti ang masasamang mikrobyo doon. Pero meron pa rin. Mabilis lang naming napupuksa dahil nga sa pagliliwanag ng aming mga agimat dulot ng tubig na galing namang dagat. May paraan ang kalikasan para sumaklolo sa aming mga katutubong bacteria lalo at ang hinahangad lang naman ay mapanatili ang kaayusan dito sa iyong katawang aming tahanan."

"Bakti," buntong-hininga ng bata. "Hindi ba't sa huli, maaangkin din ang katawan ko ng mga mikrobyong wawasak dito hanggang mawalan na ako ng malay. Matatalo rin kayo, kapag namatay ako. Hindi naman ako imortal. Anuman ang mangyari, bibigay din ang katawang ito. Ilang kamatayan na rin ang nakita ko, nabasa, narinig ko kay Nanay."

Tinapik ni Castor ang balikat ni Concha. "Yan ang akala mo. Matapos ang lahat ng ito, makikita mo," ngumiti ang daga sa bata at nagkahawahan ang dalawa ng pag-asa.



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 174 12/8/2017 5:44:45 PM

“Bukas,” sambit ni Bakti sabay akbay sa bata at sa daga, “uubusin natin ang mga ‘yan. Magiging malaya na tayo.”

Maagang natulog si Concha. Pinagpahinga na siya ni Castor, “Kami na’ng bahala,” paniniguro ng kaibigan. Nagawa na raw ng bata ang dapat nitong gawin, kaya huwag na siyang mag-alala. “Pasasalamat ang pinaaabot nina Bakti, dahil sa pangangahas mong maligo—at hindi ka lang naligo nang dalawang magkasunod na araw, hindi mo binili ang ibinebentang kalinisan ng solution.”

Hindi na mawari ni Concha ang pinag-uusapan ni Castor at ni Bakti. Wala na siyang marinig. Makalipas ang ilang oras, agad siyang nagising at napapalibutan siya ng mabubuting bacteria. Suot nila ang kanilang mga pendant at sabay-sabay silang nagtaas ng kamao. Kulay dagat ang mga ilaw. Ng nagliliwanag na mga pendant. Humakbang paharap si Bakti, “Nangyari na ang dapat mangyari. Nagapi na ang mga dapat magapi. Salamat sa iyong pagmamalasakit at naihanda ka ni Castor sa paglalakbay palayo sa kinagisnan mong daigdig, para kumalas nang tuluyan. Sa iyong lakas ng loob, upang iligtas kaming mga katutubong bacteria, napatunayan ang kadalisayan at kalinisan hindi lang sa literal na antas. Matingkad ang pambihirang kalinisan mo sa pinagmulan mong ikatlo o ikalimampung daigdig.” Walang maunawaan si Concha. Wala siyang mapanghawakan sa pinagsasabi ni Bakti. Wala siyang nauunawaan pero nadarama niyang walang kabulaanan sa pahayag. Nasindak siya sa katotohanang hindi niya mapanghawakan o mabatid.

“Nasaan si Castor?” Ito na lang ang nasambit ni Concha. Tumingala siya nang ituro ni Bakti ang langit. May umiikot na sphere, parang bolang kristal pero imbis na kinabukasan, nakaraan ang ipinakita: mga nagaganap sa labanang bacteria-mikrobyo. Pinahina ng mabubuting bacteria ang masasama, inasinta ang mga ito sa mahihinang bahagi, pinagbigyang magbagong-buhay ang mga sumusuko matapos matiyak na hindi ito kabilang at kasapakat at kautak ng mga pinuno, inalagaan ang mga nanghihinang kalaban. Pero matapos ang pagpapakataong ipinakita ng mga bacteria, hindi ikinubli ni Bakti ang isa pang aspekto ng pagpapakatao. Ang pagiging buo ng loob, ang pagpaslang sa mga kaaway na hindi na talaga mahahamig upang maging kapanalig, mga kaaway na natitiyak nilang magpapahamak sa mga mahal nila sa buhay kapag hinayaang makatakas. “Bakit? Bakit ko kailangang masaksihan ito? Tama naman ang ipinaglalaban ninyo, natin, pero hindi ko—”

Itinuro muli ni Bakti ang bolang kristal na siyang tiningala ni Concha: Nang matapos ang pagpurga sa masasamang mikrobyo, tumangis ang mabubuting bacteria. Hindi nila pinagsisihan ang kanilang ginawa, pero nagdalamhati sila na kinailangan pa nilang gawin ang dapat nilang gawing hindi naman nila gagawin kung maiiwasan. Hindi sana humantong sa ganito pero wala na talagang ibang paraan. Matapos nito,



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 175 12/8/2017 5:44:45 PM

nagliwanag ang mga pendant nila tulad ng una nitong pagliliwanag na nasaksihan ni Concha. Tumingkad ang liwanag hanggang lumampas ito sa kayang kimkimin ng pendant na maya-maya'y bumigay. Tumagas ito at sumirit ang mga hibla ng liwanag na lumawak nang lumawak hanggang napangibabawan ang buong katawan ng mga bacteria hanggang sa anino na lang ng mga ito ang naaaninag, mga anino ng emosyong nagtatagisan sa paggunita ng galit at galak na nakapaloob sa liwanag na kumakalat nang kumakalat hanggang bumaha ng liwanag at malunod ang lahat ng detalye sa bolang kristal. Ang kabuuan ng naturang globong nasa ulunan ni Concha ay nagliwanag, naging isang bola ng liwanag ng buwan, tila perlas na gumaganda dahil may gaspang at mga galos ng karanasang nagpatibay rito. Lumutang ito, na tila hinahalina si Concha.

Sumunod si Concha sa liwanag at lalo itong tumingkad laban sa dumidilim na paligid. Papalapit nang papalapit ang bola sa isa pang liwanag. Lumalamlam ang liwanag ng bola kung ikukumpara sa hahantungan nitong mas malaking bola ng liwanag, nabitak ang mas maliit na bola, tumilamsik ang mga piraso ng bubog, sumirit muli ang mga hibla ng liwanag hanggang naging iisa ang bolang kristal at ang mas malaking bola ng liwanag na tuluyang lumamon kay Concha. Niyakap niya nang mahigpit ang bola bago ito maglaho.

Puti ang huli niyang natunghayan sa kaniyang pagpikit.

Hanggang pansamantalang sumapit ang gabi. Ilang saglit lamang ang itinagal at puti na naman. Nang dumilat si Concha, puti muli ang una niyang nakita. Nang lumayo siya nang lumayo, ang bola ng liwanag ay tiyan ni Castor. Nang kapain ni Concha ang sariling mukha, wala na ang gas mask. "Hindi mo na 'yun kailangan," wika ng alagang wala na ring suot na gas mask. Wala na ring saplot, maliban sa suot na costume ng dagang costa.

Nakarinig ng tunog ng zipper si Concha. Sa likod ni Castor nagmula "zzzzip!" Tumambad sa kaniya ang isang batang babaeng katulad niya, kamukha niya. "Hindi tayo doon sa mundong iyon nararapat," wika ng inaakala niyang si Castor. "Mas marangal at mas mataas at abante ang antas ng mundong ito, pero mahirap kumalas at kumawala nang basta-basta sa una. Sa simula ka lang maninibago, pero masasanay ka rin."

Wala nang naunawaan si Concha sa pinagsasabi ni Castor. Nag-brainhack daw siya ng daga para pansamantalang angkinin ang katawan nito. Sa pamamagitan ng dagang costa, nakauugnay daw siya sa mundo ng mga nilalang na nag-aakalang sila lang ang nabubuhay sa pisngi ng mundo at naniniwalang namamatay ang sinumang pumapanaw, daigdig na nalilinlang na walang ibang posibleng daigdig.



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 176 12/8/2017 5:44:45 PM

Pagkakamali ang lahat ng hinalang ito hinggil sa limitasyon ng buhay at kamatayan at posibilidad. Ang pag-akses sa ibang daigdig na mas marangal ay posible. May mga rekisito, pero mahirap abutin, pero hindi imposible. Kailangan lang magtulungan. Kailangan lang maging mapangahas. Kailangan lang makita nang malinaw kung ano ang panloloko at ano ang hindi. Kung alin sa mga ipinagbabawal ang nakasasama sa negosyo ng natatanging korporasyon ng tubig, at kung alin sa mga ipinagbabawal ang makakapagpalaya. Mahal daw ang produkto pero mura ang lakas paggawa, kaya maraming produktong hindi napapakinabangan ng marami—tulad ng water-cure solution. Marami pang sinabi si Castor na hindi naunawaan ni Concha, anumang tiyaga nito sa pakikinig.. Malakas ang kutob niyang ito na ang tunay na mundo, pero hindi siya makapaniwala. Lumukso ang dugo ng bata. Sa kabila ng nadaramang positibo, nagitla siya sa kapwa niyang batang dati ay nasa anyo lang ng alagang daga. Natigilan si Concha nang sabihin ni Castor:

"Pagtulungan natin ang pagsundo kay Nanay."

*Bahagi ang piyesang ito ng* Babala ng Balang Araw at Iba Pang Abiso*, na nakatanggap ng pondo mula sa UP System Enhanced Creative Work and Research Grant (ECWRG Grant No. 2017-1-016). Kasalukuyang tinatapos ang iba pang bahagi ng manuskrito. Nagpapasalamat ang awtor sa ECWRG at maging sa UP Institute of Creative Writing dahil unang nailathala ang ilang piyesang maituturing na kabanata o nagsasariling kuwento ng naturang proyekto sa* Likhaan *(2015, 2016, 2017).*



likhaan journal 11 inside pages 111617.indd 177 12/8/2017 5:44:45 PM